Republic of the Philippines

# Department of Education

Region IV-A CALABARZON
Division of Batangas
DACANLAO GREGORIO AGONCILLO NATIONAL HIGH SCHOOL
DACANLAO, CALACA, BATANGAS

**Name:**______________________________________________________________________

**Grade & Section:**_____________________________________________________________

## EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO 10

### Most Essential Learning Competency:

1.Nasusuri ang mga isyung kaugnay sa kawalan ng paggalang sa dignidad at sekswalidad.

**Gawain sa Pagkakatuto Bilang 3:** Suriin ang sumusunod na sitwasyon. Tukuyin kung nararapat o hindi ang pagpapasiyang ginawa ng mga tauhan sa kuwento. Isulat ang **N** kung ito ay nararapat at **HN** kung hindi nararapat. Ipaliwanag ang iyong sagot. Isulat ang iyong kasagutan sa sagutang papel.

____1. Si Wilson ay nakatira sa kaniyang nanay at amain. Isang araw, pumasok ang kaniyang amain sa kuwarto niya at nagpakita ng mga malalaswang litrato. Hindi mapakali si Wilson at hindi niya alam ang kaniyang sasabihin. Sabi ng kaniyang amain,"Halika rito, anong klaseng lalaki ka?" Kinuha ni Wilson ang babasahin at ito'y kaniyang tiningnan at nagustuhan naman niya ito.

_____ 2. Hiniling ng isang kapitbahay ni Mela na kunan siya ng litrato na nakabikini. Sinabi sa kaniyang maaari itong ipagbili sa isang kompanya ng pagmomodelo at kumita ng malaking pera. Tumanggi si Mela at sinabing ang katawan niya ay hindi kailanman maaaring i-display.

_____3. Si Annie ay 15 taong gulang at miyembro ng mahirap na pamilya. Wala na siyang interes na mag-aral mula ng paulit-ulit siyang pagsamantalahan ng kaniyang amain. Nakilala niya si Merly at niyaya siya nitong umais ng kanilang bahay at magbenta ng aliw. Sumama siya rito at nagsabing lubog na rin naman siya sa putik kung kaya't marapat lang na ito ang kaniyang gawin at kikita pa siya.